**【1】Mayroong Physical examination ang mga bata bago pumasok sa Paaralan（Oktubre～）**



May physical examination ang mga batang papasok ng paaralan sa Abril.
Kailangan masuri ang mata, tainga, katawan at ngipin.
May paalaalang darating para sa mga magulang na galing sa munisipyo.
Kung may mga problema , ito ay ipaaalam sa inyo. Sa ganitong kalagayan, ang bata ay kailangang maipagamot sa ospital bago magsimula ang klase.

**【2】May orientation para sa mga magulang ng mga bagong mag-aaral ( Enero -Pebrero )**

Bago magsimula ang klase, may meeting ang mga magulang sa paaralan.
Ito ay upang ipaliwanag kung ano ang mga dapat ihanda bago magsimula ang klase. Ang mga magulang na may anak sa ika- 6 na baytang sa mababang paaralan ay mayroon ding orientation para sa mataas na paaralan.

**【3】Entrance Ceremony ( Panimulang Seremonya)**

Ito ay seremonyang ginaganap para sa mga batang papasok ng mababa at mataas na paaralan. Ang mga bagong mag-aaral at magulang ay dapat dumalo.
Ang mga guro at mga mag-aaral sa mataas na paaralan ay dapat ding dumalo upang ipagdiwang ang kanilang pagpasok.



**【4】Pagdalaw sa Silid -aralan**

Ang mga magulang ay dumadalaw sa silid aralan upang makita ang kanilang anak/mga anak kung anong ginagawa nila sa paaralan . Ang araw ng kanilang pagdalaw ay ipinahahayag ng paaralan . Makikita ng mga magulang kung ano ang ginagawa nila sa paaralan.

**【5】Meeting ng mga magulang**

Ang guro at mga magulang ay nagkikita at nag-uusap. Ang tawag dito ay
“Kondan Kai”. Ang meeting ay ginaganap ng apat na beses sa loob ng isang taon,
sa simula at katapusan ng bawat semester. Ang mga magulang ay nagkakaunawaan tuwing nagkikita.

**【6】Ano ang PTA**

Ito ay Association ng mga Magulang at Guro Ang mga magulang ay tumutulong sa mga evento sa paaralan. Tuwing Abril, ang mga assignments na nakatala sa bawat miyembro ng PTA. Ang mga magulang ay nagbabayad ng membership fee. Ang mga nakolektang pera ay ginagamit sa paaralan at evento ng PTA.


### 【7】Pagdalaw ng guro sa bahay

Kapag napili na ang bagong guro sa Abril, dumadalaw ang guro sa bahay ng mag-aaral sa loob ng isang taon at nag-uusap sila tungkol sa buhay sa paaralan at sa bahay.

### 【8】Sports Day /Athletic Day

Ito ay isang event na ginaganap tuwing Tagsibol(Spring) o Taglagas ( Autumn).

Ang mga bata ay sumasali sa ibat- ibang uri ng programa sa Sports simula sa umaga ng araw na ito .



Ang mga magulang ay pumupunta sa paaralan upang purihin ang kanilang mga anak.

### 【9】Training Camp

Ito ay isang pandagdag na programa para sa mga ikalimang baytang sa Elementarya at ikapitong baytang sa mataas na paaralan . Masisiyahan ang mga bata sa aktibidad na ito na malapit sa dagat o bundok. Matututuhan nila ang kung papaano pahahalagahan ang kalikasan . Matututuhan din nila ang kahulugan ng pagkakaibigan .



Ginaganap ito ng isang gabi , kaya dapat magbayad ang mga magulang para sa pagkain, tirahan at transportasyon.

### 【10】School Trip

Ang Paglalakbay ay nakalaan para sa mga mag-aaral upang malaman ang tungkol sa kapayapaan , kasaysayan at kalikasan sa labas ng Kumamoto. (Ito ay isang parte ng school curriculum ). Ang mga bata sa ika-anim na baytang (6th grade)ng mababang paaralan ay tumitigil ng isang gabi at ang mag-aaral sa ikalawang baytang ( HS grade 8th) ay tumitigil ng dalawang gabi . Ang mga magulang ay dapat magbayad para sa transpotasyon, tirahan at pagkain.




### 【11】Survey Slip on Food Allergy /Pagsusuri para sa Allergy sa pagkain

May mga taong kapag kumakain ng pambihirang pagkain, sila ay inuubo, kinakati at sinisipon . Ito ay sintomas ng allergy. Ito ay isang porma ng pagsusuri kung anong pagkain ang sanhi ng allergy.

### 【12】 Drill upang makauwi nang ligtas ang bata




Likas na kalamidad tulad ng ulan, bagyo at lindol ay biglaang dumarating. Sa ganitong delikadong panahon , mahirap pauwiin ang mga bata sa dahilang mapanganib/delikado.

Upang makauwi nang ligtas , ang paaralan ay nagbibigay ng drill (praktis) para sa mga magulang, ang tawag dito ay Hikiwatashi-kunren. Itinituro ito sa paaaralan ang tamang paraan , kaya dapat po tayong sumunod sa mga direkyon .

### 【13】Climate Alert (Countermeasures sa Paaralan)

Kapag dumating ang kalamidad tulad ng malakas na ulan , baha , bagyo , malakas na bagyo, tsunami o pagguho (landslide) , walang pasok sa paaralan sa una at huling oras at maaaring mabago ang oras. Sa ganitong panahon , tatawagan o magpapadala ng mail ang paaralan sa mga magulang. Ang paaralan ay palaging kokontak sa mga magulang kung walang pasok o kung pauuwiin nang maaga para sa kaligtasan ng mga bata.



### 【14】Ano ang mga dapat ihanda para sa Physical Education

Ang mga paaralan sa Japan ay may swimming lessons sa Curriculum ng Physical Education. Kailangang maghanda ng swimming suit , cap, towels at bag para ilagay ang mga ito. Kailangan din ang goggles.



### 【15】Swimming card (Para sa mga bata sa mababang paaralan )

Ito ay card para ipaalam ang kondisyon ng mag-aaral sa araw na may swimmimg lesson.

| Buwan , Araw | Temperatura ng katawan | Almusal : Kumain ○ Hindi Kumain× | Sasali ○ Mag-oobserba× | Pirma ng magulang Inkan( Seal ) | Dahilan |
|---|---|---|---|---|---|
| Halimbawa | 36.4 | ○ | × | Inkan (Seal) ㊞ | Kaunting sinat ( lagnat) |

Kung wala ang card na ito , ang bata ay hindi makakasali sa lesson .

Dapat itong pirmahan ng magulang .

（例）Halimbawa

Kung hindi sasali sa swimming lesson, ang mag-aaral sa mataas na paaralan(HS) ay dapat ipakita ang pirma ng magulang .

**【16】Excursion**

Ang mga mag-aaral sa mababang paaralan simula sa unang baytang hanggang ikalimang baytang ( 1st grade to 5th grade) ay may excursion ng bus na parte ng Social Studies o Socio -environmental studies. Ito ay mahalagang aralin , sa dahilang makikita ng mga bata ang tunay na bagay na kanilang natutuhan at upang marinig ang mga direktang paliwanag ng mga tunay na staff. Kailangang magbayad ang mga magulang para sa transportasyon sa bus. Kailangan nila ang bento.





**【17】Graduation　Ceremony**

Ang nasa ikaanim na baytang (Grade 6) sa elementarya at ikatlong baytang (Grade 9) ng mataas na paaralan (HS) ay tumatatanggap ng diploma sa katapusan ng araw sa paaralan . Kinakailangang dumalo ang mga magulang sa graduation ceremony.




**【18】Pagkain sa tanghali**


Ito ay lunch na inihahanda ng paaralan.
Kailangang magbayad ng 4,000-5,000 yen para sa pagkain buwan-buwan.
Sa oras ng tanghalian, ang mga bata ang dapat maghanda para sa sarili nila .
Kailangan ang apron at lunch mat. Paminsan-minsan , walang pagkain sa tanghali.
Sa ganitong araw, kailangang magdala ang mga bata ng sariling pagkain (bento).




**【19】Bento day**

Noong mga nakaraang taon , ang paaralan ay hindi naghahanda ng pagkain sa
Iyon ay araw ng picnic, araw ng school trip, sports day at iba pa.
Sa araw na ito , kailangang magdala ang mga bata ng sariling pagkain.
May araw din na walang handang pagkain para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan (HS).
Ito ay para matuto ang mga bata na gumawa ng kanilang sariling pagkain.
Ang bento ay niluluto sa bahay at dinadala ng mga bata.





**【20】　Panghalili sa Holiday**

Ang klase ay tuwing Lunes hanggang Biyernes sa paaralan , subalit kung may evento sa paaralan tulad ng Sports day at Class Observation Day , ito ay ginaganap tuwing Sabado at Linggo. Dahil kinakailangang sumali ang mga bata sa araw na iyon, ito ay ginaganap sa ordinaryong araw sa loob ng Linggo. Ang tawag dito ay make -up holidays .

【21】 **Educational Counselling**

Ito ay ang oras, pagkakataon at occasion na ang guro at mag-aaral ay nagkakauasap ng harapan. Ang bata ay makikipag-usap sa guro tungkol sa mga problema at pribadong akala / idea. (Pamimsan-minsan ang magulang ay maaaring sumali sa usapan) .


【22】 **Gawain sa paaralan ( Pag-gagamas ng damo ng mag-aaral at magulang)**

Pagkatapos ng summer vacation at bago magsimula ang klase , ang pag-gagamas ng damo ay kinakailangan.

Mahirap ang trabaho para sa mga bata, kaya kailangang sumali ang mga magulang para tulungan ang mga bata.

【23】**School Concert ( Presentasyon ng Natutuhan)**

Sa loob ng isang taon, ang mga mag-aaralay nagprepresenta at nagpapakita kung ano ang natututuhan nila sa stage. (Maaaring manood ang mga magulang).



【24】**Picnic**

Sa mababang paaralan, tuwing Abril ang lahat ng mga mag-aaral at mga guro at ay pumupunta at naglalakad sa malapit na bundok o parke .

Nagdadala sila ng Bento, Tubig at Snack.

Ito ay isang pagkakataon na makilala nila nang mabuti ang kanilang kaklase.




【25】**School Report (Achievement sheet, record)**

Ito ay isang dokumento para ipaalam sa magulang ang kakayahan ng mag-aaral sa bawat subject at kung ano ang ginagawa nila sa paaralan. Ito ay ibinibigay tuwing katapusan ng bawat terma (semester). Ang paaralang may dalawang (2) semester ay nagpapadala ng dalawang (2) beses ng report card sa loob ng isang taon , at ang paaralang may tatlong (3)semsester ay nagpapadala ng tatlong (3) beses ng report card sa loob ng isang taon .

Ang mga magulang ay dapat sumulat ng commento at kung may alalahanin (concern) ay ibalik sa guro.

【26】**Internship Program ( Para sa 2nd at 3rd grade sa Middle High School)**

Ang mga mag-aaral ay dapat magkaroon ng eksperensya (experience) sa trabaho o sa lokal na kompanya o shops sa loob ng ilang araw. Ito ay makakatulong sa mag mag-aaral upang makapag-isip para sa kanilang kinabukasan.

【27】 Paraan para sumali sa Japan Sports Council (Safety Support Program)

Ito ay isang Insurance Policy na kailangang bayaran ang bata kung sakaling sila ay masugatan sa paaralan. Kailangang magbayad ng kaunting halaga para makasali sa council.

【28】 Emergency Contact Sheet

Kung sakaling may lagnat, nagkasakit o nasugatan sa paaralan , ang paaralan ang tatawag sa kanyang magulang. Sa emergency Contact Sheet makikita kung saan maaaring kumontak o tumawag.

【29】 Aplikasyon para makatanggap ng suporta para sa mga batang mag-aaral
(Appllication to Receive Support for Children Learning at School)

Kung sakaling ang magulang ay hindi kayang ipasok sa paaralan ang anak /mga anak dahil sa kakulangan sa pera, ang magulang ay maaaring tumanggap ng pera upang maipasok ang bata sa paaralan. Ito ay isang application form para makatanggap ng financial aid.

【30】 Personal Student Card

Ito ay isang dokumento ng address, telepono, kaarawan, mga pangalan ng magulang , family hospital , emergency contact number (upang makontak ang magulang kung ang bata ay may lagnat o nasugatan sa paaralan), o kung may allergy o kung anong uri ng health insurance at iba pa.

【31】 Mathematics( Support)material package

Ito ay supplementong materyales upang suportahan ang mga bata para sa Matematika sa mababang paaralan( kasama ang calculation cards , number cards at dice)

【32】 Protective Hood

Ang Japan ay isang bansa na maraming lindol. Kapag may lindol na dunmating at sila ay nasa paaralan , ang mga bata ay nagsusuot ng protective cushioned hood .

